Hon. Ma. Leonora Robredo
Vice President
Republic of the Philippines

VP Leni,

Ako po si Liezel V. Asuncion, asawa ni Emmanuel “Manny” Asuncion, isa mga biktima ng Extra Judicial Killing noong Marso 7, 2021 na tinaguriang Bloody Sunday.

Si Manny po ay isang mabait na asawa, masipag, good provider, at isang napaka-selfless na tao. Ganundin siya bilang ama sa apat naming anak. Lalong lalo na kapag nakakauwi ng bahay, siya na ang nagawa ng halos lahat ng gawain. Siguro nga ay dahil miss niya maging padre de pamilya dahil minsan lang sya makauwi dahil sa kanyang gawain bilang lider at organisador. Ganundin sya sa kanyang pinanggalingang pamilya - mabait na anak, mabait na kuya. At talagang malalaman mong nasa bahay sya kapag may nagkukumpuni o kundi man ay maingay dahil parang DJ sa lakas magpatugtog! Para ring engineer/architect/electrician/maintenance dahil sa tuwing nasa bahay ay puro pag-aayos ng mga sirang gamit ang bukang-bibig. Sa kainan, dahil marunong siyang magluto, maarte sya sa mga gamit sa kusina, mabilis matuto at mabilis masanay sa mga ilulutong putahe. Mababaw ang kaligayahan ng aking mahal na asawa - mga simpleng kasiyahan sa pamilya ang kanya lamang nais. Miss na miss ko na sya.

VP Leni, si Manny rin po ay isang aktibista. Isinusulong niya ang karapatan ng mga maralita at ipinagtatanggol ang mga naaaping manggagawa. Nang lumaon, naging organisador ng urban poor communities, nagbigay-lakas at inspirasyon sa mga takot lumaban - silang mga inaagawan ng lupa, nakipaglaban para sa relokasyon ng mga itinuturing ng lipunan na “iskwater,” nanindigan para sa mga driver at operator ng jeep na halos mawalan ng kabuhayan dahil sa planong “modernisasyon” kasabay pa ng pagtaas ng presyo ng gasolina at hindi patas na fare matrix, nakipaglaban sa mga sumisira ng kalikasan. Naging ama siya sa napakaraming kabataang nagmula sa iba't-ibang sektor ng lipunan.

Kung saan may mahirap, naroon si Manny. Kung saan may injustice, naroon si Manny. Kung saan may ayaw pakinggan, naroon si Manny. Siya ay nagbibigay-lakas at boses para sa mga mahihinang ayaw pansinin. Ang mga katangiang ito ay taglay ng isang mabuting Kristiyano, tunay na tagasunod ni Kristo - makadiyos, makabayan, makatao at makakalikasan, dakilang anak ng bayan. Ang tanging pangarap lamang nya ay lipunang pantay at patas sa lahat. Tunay na inyo sanang magiging katuwang sa pag-angat ng mga nasa laylayan ng bayan.

Pero dahil sa mabangis ang mandato at kampanya ng NTF-ELCAC, isa si Manny sa nabiktima ng extra judicial killing noong Marso 7, 2021.

Noong ipinasa ang Executive Order 70, alam na naming manganganib ang buhay ni Manny dahil nga sa redtagging at surveillance, ngunit nanatili siyang kalmado. Naging visible pa nga sya lalo sa mga kilos protesta at hindi nagtago, dahil alam nya sa sarili niya na wala siyang pananagutan sa batas. Napadalas ang pag-uwi nya sa bahay namin, siguro ay nakakaramdam na siya kaya sinulit na ang mga nalalabing oras kasama kaming mga pamilya nya.

Kaya naman noong araw na iyon ng Marso 7, kasabay sa pagkitil sa kanyang buhay ay ang masakit ding pagyurak sa kanyang pagkatao ang idinulot ng mga kasinungalingan ng mga nasa awtoridad na nagkaroon daw ng chase mula sa aming tahanan sa Rosario, Cavite hanggang Dasmariñas City, kung saan sya walang awang pinaslang. Hindi nanlaban ang aking asawa. Nagtanim sila ng pekeng ebidensya sa aming tahanan at ang pinakamasaklap ay pinatay nila si Manny noong sinasabi nya sa mga nagraid sa opisina na "MGA TAO RIN PO KAMI."

Sobrang pagdadalamhati at galit ang nagpahina sa amin noong mga panahong iyon, lalong lalo na sa kaniyang mga magulang, kapatid at mga anak na matagal niyang hindi nakasama tapos muling makakasama nang matagal subalit isa nang malamig na bangkay. Kasabay ng pagluluksa at poot ay ang takot, takot na baka hindi pa kami tigilan ng mga walang pusong umagaw ng buhay ng minamahal naming si Manny. Lalo na at ang mga maysala ay malaya pa at marami pang pwedeng gawin.

Kaya naman VP Leni, maraming salamat po at isa kayo sa mga tumatakbo sa pagkapangulo ng bansa. Dahil dito, kami ay nakakita ng pag-asa ng mga abang dukha.

Kaya sa inyo po ay nananawagan ako para aming makamit ang hustisya sa pagkamatay ng aking asawang si Manny, para sa aming mga naulilang pamilya at sa lahat ng Kabitenyong kanyang minahal at pinaglingkuran. Walang ibang maysala sa pagkawala ni Manny at ng walong iba pa kundi ang mga nagsagawa ng pagpatay at ang NTF-ELCAC at si Duterte na pawang nag-udyok sa mga pagpatay. Kaya makatarungan lamang na hindi lang basta tanggalan ng pondo at sa halip ay i-abolish na itong NTF-ELCAC upang wala nang inosente, sibilyan at aktibistang mapatay.

Nananawagan po ako sa inyo VP Leni na huwag ninyong hayaang marumihan ng dugo ang malinis niyong kamay. Kausapin nyo po kaming mga naulila ng mga biktima at tulungang makamit ang hustisya.

Lubos na gumagalang,

(Sgd.)
Liezel V. Asuncion